

# 技能実習生の友

## Kaibigan ng mga teknikal intern trainees

Isyu sa Oktubre 2022

### Mga Paksa

Alamin natin ang kalooban ng mga Hapon sa pamamagitan ng "Man-ga". [Paano palilipasin ang autumn sa Japan]

◇Pagpapabuti ng kaalaman sa salitang Hapon gamit ang mga pamilyar na bagay.

◇Mga salitang Hapon na seasonal. —Autumn-leaf viewing—

Kokugo no mori 「あき <sup>あき</sup> 秋 <sup>あき</sup> 空き」

### ALAMIN NATIN ANG KALOOBAN NG MGA HAPON SA PAMAMAGITAN NG MAN-GA

#### — Paano palilipasin ang autumn sa Japan —



#### Taglagas ang pinakamagandang panahon sa art, sa sports... at sa maganang pagkain!

Sa taglagas, bumababa ang temperatura sa Japan, at ang araw ay lumulubog nang mas maaga. Medyo malungkot ang pakiramdam, ngunit nagkakaroon ng kulay ang mga puno at napakaganda nito. Mayroon ding mga outdoor camp at iba pang lugar na maaari kang mangolekta ng mga dahon na nalaglag, mag-siga at mag-ihaw ng kamote, Sa panahon ng taglagas, napakasarap din ng mga pagkain tulad ng isdang pacific saury, chestnuts at peras. Ang temperatura ay tamang tama para sa sports kaya i-enjoy natin ang bawat taglagas.

### Ang Kaibigan ng mga teknikal intern trainees ay nagbago na!

Pagkatapos ng renewal, ang bersyon sa Japanese ay ihahatid bilang isang leaflet, at ang bersyon sa wikang banyaga (9 na wika) ay magiging available sa website ng JITCO bilang isang bersyon sa PDF na maaaring matunghayan gamit ang iyong smartphone, o iba pa. Patuloy kaming gagawa ng mga paraan para makapaghatid ng kapaki-pakinabang na impormasyon sa mga teknikal intern trainees.



## **Pagpapabuti ng skills sa wikang Hapon gamit ang mga pamilyar na bagay!**

Magpapakilala kami ng mga paraan kung paano pagbutihin ang iyong skills sa wikang Hapon habang isinasama ang kapaki-pakinabang na impormasyon para sa pang-araw-araw na buhay. Gamitin natin araw-araw nang paunti-unti, at pahalagahan ang damdaming gustong marinig, magsalita, at maunawaan ang wikang Hapon.

### **★Gamitin ang mga libreng flyers at phamplet sa paligid mo**

Nakakita ka na ba ng mga libreng flyers at phamplet sa mga supermarket, convenience store, city hall, istasyon ng tren, post office, restaurant, atbp.? Maraming libreng flyers at pamphlets na mayroong kapaki-pakinabang na impormasyon sa pang-araw-araw na pamumuhay tulad ng mga kombenyente at murang produkto, at mga lokal na serbisyo at events. At mapag-aaralan din ang buhay at kaugalian ng Hapon at ang wikang Hapon. Kung may mga produkto, artikulo, salita, at iba pa na hindi mo maintindihan, magtanong sa mga tao sa kumpanya o mga tao sa paligid mo habang tumitingin sa mga flyer at phamplet. Maaaring ang resulta noon ay magsimula na makapag-usap kayo ng iba't ibang bagay. Kahit na ang mga taong hindi pa masyadong bihasa sa pagsasalita ng Hapon ay maaaring gumamit ng mga flyer at phamplet bilang panimulang punto sa pakikipag-usap.

#### **[Supermarket]**

Ang mga pagkain at pang-araw-araw na pangangailangan ay nakalista na may kasamang mga makukulay na larawan. Maaaring may mga sangkap at ulam na ngayon mo pa lang nakita. Kung ikaw ay interesado sa isang bagay o isang bagay na mukhang masarap, bakit hindi mo subukan na bilhin ito at tikman ang lasa? At pagkatapos, pagusapan ninyo ito ng mga tao sa paligid mo kung ano impresyon mo sa lasa.

#### **[Kasangkapan sa bahay]**

Ang mga appliances sa Japan ay sikat sa buong mundo. Kapag pumunta ka sa isang consumer electronics store, makakakita ka ng maraming leaflet at phamplet tungkol sa mga kasangkapan sa bahay. Kung makakita ka ng appliance sa bahay na ginagamit mo nang regular o interesado ka, subukan mong pumunta sa tindahan at makinig sa paliwanag o magtanong tungkol sa anumang hindi mo naiintindihan.

#### **[Trip]**

Ang mga travel flyer at phamplet ay naglalaman ng impormasyon at mga mapa ng iba't ibang bahagi ng Japan, kaya magagamit mo ang mga ito sa pag-aaral ng kultura at heograpiya ng Hapon. Unang gawin ay bisitahin ang isang malapit na tourist spot at magtanong sa mga lokal at sa mga shops. Maaari mong madiskubre ang bagong Japan.

#### **[Munisipyo, Library, Post Office]**

Makakakuha rin ang mga leaflet at phamplet sa mga pampublikong pasilidad. Maaari kang makahanap ng isang bagay na interesado ka, tulad ng iba't ibang mga kaganapan at serbisyong kombenyente. Kung mayroong isang kaganapan na mukhang kawili-wili, magandang sumali rito. Magkakaroon ka ng chance na makakilala ng bagong kaibigan.

Marami pa ring iba't ibang leaflet at phamplet sa paligid na maaaring magamit. Gamitin ito nang maayos at palipasin ang buhay sa Japan habang pinaghuusay ang iyong mga kasanayan sa wikang Hapon.



Sa JITCO, ginanap ang "30th Japanese Essay Contest para sa mga Technical Intern Trainees at Trainees", at ang mga nanalo ay inihayag sa website ng JITCO.

Magpo-post kami ng koleksyon ng mga mahuhusay na gawa, kaya mangyaring tingnan ito.







# Teknikal intern trainee - Larawan ng buwang ito



Noong Golden Week ng taong ito, nagpunta ako sa isang company trip sa Hokkaido (Sapporo at Otaru) habang nagsasagawa ng mga hakbang laban sa impeksyon. Sa Sapporo, lahat ay nag-pose kasama ang bronze statue ni Dr. Clark. Nasiyahan kami sa mga lokal na pagkain sa Sapporo, Hokkaido at ito ay tatlong araw na puno ng kasiyahan.  
(株式会社三勝設備工業所)

Pumili kami ng isang larawan mula sa "Technical Intern Training Days" na nai-post sa website ng JITCO ng mga organisasyon na tumatanggap ng mga trainee. Tingnan dito ang pahina ng "Technical Intern Training Days" at mga kinakailangan sa aplikasyon.

(<https://www.jitco.or.jp/ja/days/>)



## Gabay sa mga consultation counter

**Kapag namroblema...?** (<https://www.otit.go.jp/notebook/>)

Sa OTIT (Organisasyon para sa Teknikal Intern Training), maaari mong gamitin ang consultation counter sa iyong katutubong wika kapag ikaw ay may problema. Gayundin ang lokal na consultation counter at impormasyon sa pag-iwas sa kalamidad, at mga convenient app tulad ng "Mga salitang Hapon sa site" at "Technical Intern Training Handbook".



## Impormasyon at consultation counter ukol sa COVID.

(<https://www.c19.mhlw.go.jp/>)

Ipinapaliwanag ng page na ito sa iba't ibang wika ang tungkol sa COVID. Maaari ring maghanap ng mga serbisyo sa konsultasyon ayon sa prefecture.



Panahon na ng mataas na sora (sky). Walang laman ang sora "空" kaya tinatawag din ito na ana "穴". Ang nogi "禾" ay ine "イネ", at malamang na apoy ang ginamit upang puksain ang mga insekto na dumating upang kumain sa mga aanihin kapag panahon ng taglagas. Ang mga lumang karakter ay hindi aki "秋" kundi "焔" (ihawin gamit ang apoy) at aki "穨" (sunugin ang mga insekto) at iba ang ginagamit. Ang akireta "あき(呆)れた" at akirameru "あき(呆)れた" ay hindi pinagaaralan sa elementarya, ngunit ang mga ito ay mga salita na kadalasang ginagamit sa pang-araw-araw na buhay, kaya't isinama ko sila.

技能実習生・研修生向け母国語情報誌

## 技能実習生の友

2022年10月 秋季号

2022年10月1日発行

発行

電話

JITCO ホームページ

公益財団法人 国際人材協力機構 (JITCO)

総務部広報室

〒108-0023

東京都港区芝浦2-11-5

五十嵐ビルディング

03-4306-1166 (ダイヤルイン)

<https://www.jitco.or.jp/>